**Mga Kasalukuyan at Pinaplanong Hakbang ukol sa Pagsusulong ng Pagkakapantay-pantay ng Lahi**

**Tanggapan ng Awtoridad sa Komunikasyon (*Communications Authority*) (Kabilang ang Tanggapan para sa Pamamahala ng Pelikula, Diyaryo at Artikulo o *Office for Film, Newspaper and Article Administration)***

Ang Tanggapan ng Awtoridad sa Komunikasyon (*Office of the Communications Authority* - OFCA) ay itinatag noong 1 Abril 2012, sa pamamagitan ng pagsasama ng dating Tanggapan ng Awtoridad sa Komunikasyon (*Office of the Telecommunications Authority* - OFTA) at ng mga kinauukulang dibisyon ng dating Awtoridad sa Paglilisensiya ng Telebisyon at Paglilibang (*Television and Entertainment Licensing Authority*). OFCA ang nagsisilbing ehekutibong galamay ng Awtoridad sa Komunikasyon (CA) at tumutulong sa CA sa pagpapairal ng mga kinauukulang regulasyon.

Ang Tanggapan para sa Pamamahala ng Pelikula, Diyaryo at Artikulo (*Office for Film, Newspaper and Article Administration* - OFNAA) ay itinatag sa magkaparehong petsa upang maisaganap ang mga tungkuling may kaugnayan sa klasipikasyon ng pelikula, pagkokontrol ng malalaswa at hindi disenteng mga artikulo at rehistrasyon ng diyaryo. Ang OFNAA ay responsable sa pagpapatupad ng isang sistema ng klasipikasyon ng pelikula ayon sa Ordinansa sa Pagsensura ng Pelikula (*Film Censorship Ordinance* - Cap. 392) sa pamamagitan ng isang sistema ng pagsensura; pagkokontrol ng publikasyon ng malalaswa at hindi disenteng mga artikulo sa pamamagitan ng pagpapatupad ng Ordinansa sa Pagkokontrol ng Malalaswa at Hindi Disenteng mga Artikulo (*Control of Obscene and Indecent Articles Ordinance* - Cap. 390); at pagrerehistro ng mga lokal na diyaryo sa ilalim ng Ordinansa sa Rehistrasyon ng mga Lokal na Diyaryo (*Local Newspapers Ordinance* - Cap. 268).

| | |
|---|---|
| Mga Kinauukulang Serbisyo | ● Sa ilalim ng Ordinansa sa Pagsensura ng Pelikula (*Film Censorship Ordinance* - Cap. 392), lahat ng pelikula na inilaan upang maipalabas sa Hong Kong ay isusumite sa Awtoridad para sa Pagsensura ng Pelikula (*Film Censorship Authority*) para sa pag-aapruba. Ang layunin ng sistema ng klasipikasyon ng pelikula ay upang mabigyan ang mga nasa hustong gulang ng pagkakataon na makapanood ng maraming hanay ng mga pelikula na tumatalakay sa mga katotohanan sa buhay ng mga nasa hustong gulang na, na sa kasabay na panahon ay nirerestriktahan ang mga bata at ang mga kabataan sa |

panonood ng maaaring makasama sa kanila.

| | |
|---|---|
| Mga Kasalukuyang Hakbang | ● Iniaatas ng Ordinansa sa Pagsensura ng Pelikula (*Film Censorship Ordinance*) na isaalang-alang sa pagsesensura, kasama ng iba pang mga bagay, kung ang pelikula ba ay mapanirang-puri o mapang-insulto sa anumang uri ng publiko kung ang pag-uusapan ay ang kulay, lahi, mga paniniwalang may kaugnayan sa relihiyon o mga pinagmulang etniko o bansa o ang kasarian ng mga miyembro ng naturang uri kapag nagdesisyon na siya ukol sa kaangkupan ng pelikula upang maipalabas na sa publiko at ang naaangkop na klasipikasyon na nararapat na igawad sa pelikula. Ang nabanggit na legal na prinsipyo ay tinukoy din sa Mga Panuntunan para sa mga Nagsesensura sa Pagsensura ng Pelikula (*Film Censorship Guidelines for Censors*). |
| | ● Maaaring tanggihan ng isang nagsesensura ang pa-apruba ng isang pelikula na maipalabas sa publiko kung itinuturing niya na ang naturang pelikula ay ginawa nang may intensyong mag-udyok ng poot o manirang-puri kaugnay ng mga pagkakaiba-iba sa lahi. |
| Pagtatasa ng Trabaho sa Hinaharap | ● Ang kasalukuyang umiiral na ordinansa at ang mga kinauukulang panuntunan sa pagsensura ng pelikula ay naging epektibo na sa pagpigil sa pagpapalabas ng mga pelikula na nag-uudyok ng diskriminasyon sa lahi. Ang mga hakbang na nasa itaas ay patuloy na mahigpit na ipatutupad. |
| Mga Karagdagang Hakbang na Ginawa Na / Gagawin Pa | ● Para sa mga pelikula na nagtatampok ng mga nilalaman na maaaring maging dahilan ng mga alalahaning may kaugnayan sa diskriminasyon ng lahi, batay sa mga pangyayari, isasaalang-alang ang pagkakaroon ng mga sesyon ng panonood na itatakda para sa mga kinauukulang grupo ng lahi upang makolekta ang kanilang mga pananaw bago magdesisyon ang nagsesensura kung angkopba ang pelikula na maipalabas. |

- Isasaayos ng OFCA ang pagdalo ng mga miyembro ng tauhan na makadalo sa mga kursong pagsasanay ay maranasan ang mga sesyong nagkakaroon ng mga pagbabaha-bahagi upang mapalawig pa ang kanilang kabatiran sa, at pagiging sensitibo sa pagkakapantay-pantay ng lahi.

- Pagsusumikapan ng OFCA na makapaghandog ng paglalagyang lugar sa ilalim ng Internship Programme para sa hindi etnikong mga estudyante ng unibersidad ng Chinese (NEC) para pahintulutan ang mga batang NEC na magkaroon ng karanasan sa trabaho at mapabuti ang kanilang pagiging kumpetitibo sa paghahanap ng trabaho.

Para sa mga tanong kaugnay ng mga kasalukuyan at pinaplanong mga hakbang kaugnay ng pagsusulong ng pagkakapantay-pantay ng lahi, mangyaring makipag-ugnayan kay G. Alden LAM, *Executive Assistant* (*Film*) sa pamamagitan ng mga sumusunod -

| | | |
|---|---|---|
| Numero ng Telepono | : | 3847 7753 |
| Numero ng *Fax* | : | 2122 9999 |
| Email | : | film@ofnaa.gov.hk |
| Adres sa Koreo | : | 3/F, Treasury Building, 3 Tonkin Street West, Cheung Sha Wan, Kowloon |

**Tanggapan ng Awtoridad sa Komunikasyon (*Communications Authority*)**
**(Kabilang ang Tanggapan para sa Pamamahala ng Pelikula, Diyaryo at Artikulo o *Office for Film, Newspaper and Article Administration)***
**Hunyo 2025**